
別紙 1

Para sa mga Sambahayang may Estudyante sa Senior High School na Pumapasok sa Tokyo Metropolitan High School, atbp.

Fiscal Year 2026

Impormasyon tungkol sa Sistema ng “Scholarship Grant” para sa Pag-aaral sa Tokyo Metropolitan National at Public Senior High School, atbp.

Karaniwang tulong



Ang “scholarship grant” ay isang sistema kung saan ang tulong pinansyal na hindi kailangang bayaran (fixed na halaga) ay idinideposito sa bank account ng mga magulang o tagapag-alaga upang makatulong na mabawasan ang pasanin sa mga gastusin sa edukasyon maliban sa matrikula (tulad ng mga gastusin sa textbook, kagamitan sa pag-aaral, mga school supply, at mga extracurricular na aktibidad).

Simula sa Fiscal Year 2026, pinalawak ang saklaw ng mga sakop ng sistemang ito hanggang sa mga sambahayan na may taunang kita na humigit-kumulang 4.9 milyong yen (may income-based tax na mas mababa sa 182,500 yen).

*Ang nakasaad na taunang kita ay tinatayang halaga lamang. Sa aktuwal na sitwasyon, naiiba ang halaga ng income-based Resident Tax depende sa bilang ng mga dependent. Dahil dito, maaaring maging sakop ng sistema kahit na ang taunang kita ay 4.9 milyong yen o higit pa.

***Para sa mga hindi mag-a-aplay para sa “scholarship grant,” hindi na kinakailangang isagawa ang proseso ng aplikasyon, ngunit mangyaring sundin ang mga tagubilin ng paaralan at magsumite ng “Confirmation Form para sa Intensyong Hindi Mag-aplay”.**

*Ang deadline ng pagsusumite, pamantayan sa pag-apruba, atbp. ay naiiba sa “tulong pinansyal sa pag-aaral” at “grant-type scholarship.” Mangyaring suriin ito nang mabuti.

1 Confirmation Sheet para sa Kategorya ng mga Sakop na Sambahayan

Sa petsang Hulyo 1, 2026, nakatira ba sa Tokyo ang mga magulang o tagapag-alaga (Tala 1)?

OO

HIND → Mag-aplay sa prefecture kung saan kayo nakatira. Naiiba ang deadline ng pagsusumite at mga dokumentong isusumite depende sa bawat prefecture, kaya mangyaring makipag-ugnayan agad sa prefecture kung saan kayo nakatira.

Sa petsang Hulyo 1, 2026, tumatanggap ba ng pampublikong tulong (tulong para sa kabuhayan) ang mga magulang o tagapag-alaga?

OO

HIND

Ang pinagsamang taunang kita ng **lahat ng mga magulang o tagapag-alaga** noong **2025** ay humigit-kumulang mas mababa sa 4.9 milyong yen? (Kasama rin dito ang mga kaso kung saan lubos na bumaba ang kita dahil sa biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan at ang inaasahang kabuuan ng taunang kita ng lahat ng mga magulang o tagapag-alaga ay katumbas ng humigit-kumulang mas mababa sa 4.9 milyong yen)

*Ang humigit-kumulang mas mababa sa 4.9 milyong yen ay tumutukoy sa mga sambahayan kung saan ang kabuuang halaga ng pinagsamang income-based Prefectural Resident Tax at income-based Municipal Resident Tax ay mas mababa sa 182,500 yen.

OO

HIND → Hindi sakop ng sistema. *Para sa mga sambahayang may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal, tumatanggap ng aplikasyon anumang oras.
Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan na nakasaad sa “8 Para sa mga Katanungan”.

Ang mismong estudyante ba ay naka-enroll sa alinman sa mga sumusunod na paaralan?

A National o public senior high school na full-time course, part-time course, o upper course ng secondary education school

B National o public senior high school na correspondence course

OO → Piliin ang A

HIND → Piliin ang B

Ito ang halaga ng benepisyo ng “sambahayang tumatanggap ng pampublikong tulong (tulong para sa kabuhayan)”.

Piliin ang A → Ito ang halaga ng benepisyo ng “tax exempted na sambahayan (**full-time course / part-time course**)” o “sambahayang may taunang kita na 2.7 milyon hanggang 4.9 milyong yen (**full-time course / part-time course**).
Naiiba ang halaga ng benepisyo depende sa halaga ng income-based tax. Para sa mga detalye, tingnan ang sunod na pahina.

Piliin ang B → Ito ang halaga ng benepisyo ng “tax exempted na sambahayan (**correspondence course**)” o “sambahayang may taunang kita na 2.7 milyon hanggang 4.9 milyong yen (correspondence course)”.
Naiiba ang halaga ng benepisyo depende sa halaga ng income-based tax. Para sa mga detalye, tingnan ang sunod na pahina.

(Tala 1) Ang mga magulang o tagapag-alaga ay, bilang prinsipyo, tumutukoy sa legal guardian ng estudyante. Kung walang legal guardian, ito ay tumutukoy sa pangunahing taong nagbibigay ng suporta sa kabuhayan ng estudyante.
(Tala 2) Kung hindi natutugunan ang mga kinakailangan sa “3 Mga detalye ng mga Taong Sakop ng Sistema” sa likurang pahina, hindi sila sakop ng sistema.

東京都教育委員会

別紙1

2 Halaga ng Benepisyo (Taunang Halaga)

	Taunang Halaga	
	Full-time course / Part-time course	Correspondence course
Sambahayang tumatanggap ng pampublikong tulong (tulong para sa kabuhayan)	32,300 yen	32,300 yen
Tax exempted na sambahayan	143,700 yen	50,500 yen
Sambahayang may taunang kita na 2.7 milyon hanggang 3.8 milyong yen	47,900 yen	16,830 yen
Sambahayang may taunang kita na 3.8 milyon hanggang 4.9 milyong yen	35,930 yen	12,630 yen

*Ang planong petsa ng pagtanggap ng benepisyo ay bandang Disyembre 2026 kung nag-aplay hanggang Setyembre 15, 2026.
*Kung ang uniporme required na suotin ay nawala o nasira dahil sa sakuna at iba pang dahilan, at kinakailangang bumili muli ng uniporme, may karagdagang benepisyo na maaari ninyong aplayan. Para sa mga gustong mag-aplay para sa karagdagang benepisyo, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan sa “8 Para sa mga Katanungan”.
***Ang kategorya ng mga sambahayang may taunang kita na 2.7 milyon hanggang 4.9 milyong yen ay para lamang sa mga kwalipikadong tumanggap ng tulong pinansyal sa pag-aaral sa senior high school, atbp. [bagong sistema] o tulong pinansyal para sa muling pag-aaral [bagong sistema].**

3 Mga detalye ng mga Taong Sakop ng Sistema

Mga magulang o tagapag-alaga na nakakatugon sa mga sumusunod na kinakailangan noong Hulyo 1, 2026 (batayang petsa)

1 May estudyante sa national o public senior high school, atbp. na kwalipikadong tumanggap ng tulong pinansyal sa pag-aaral ng senior high school, atbp., bagong tulong pinansyal sa pag-aaral para sa mga senior high school student, atbp., o tulong pinansyal para sa muling pag-aaral.
*Hindi sakop ng sistema ang mga estudyanteng nakatira sa child welfare institution, atbp. o nasa pangangalaga ng mga foster parent, at tumatanggap ng tulong ng pamahalaan para sa mga gastusin sa pangangalaga (gastusin para sa educational trip o espesyal na gastusin sa pagpapalaki ng bata).
*Kung maraming magkakapatid na sakop ng sistema, mangyaring magsumite ng aplikasyon para sa bawat isa.

2 Ang mga magulang o tagapag-alaga ay may tirahan sa Tokyo.
*Kung ang magulang o tagapag-alaga ay may tirahan sa labas ng Tokyo, ang tanggapan ng aplikasyon ay sa prefecture kung saan sila nakatira.
*Kahit na ang mismong estudyante ay naka-enroll sa national o public senior high school sa Tokyo, kung ang mga magulang o tagapag-alaga ay may tirahan sa Tokyo, ang tanggapan ng aplikasyon ay sa Tokyo Metropolitan Board of Education.

3 Dapat mapatunayan na ang kabuuang halaga ng income-based Prefectural Resident Tax at halaga ng income-based Municipal Resident Tax ng lahat ng miyembro ng sambahayang tumatanggap ng pampublikong tulong o mga magulang o tagapag-alaga ay mas mababa sa 182,500 yen. O, kung lubos na bumaba ang kita dahil sa biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan tulad ng pagkawala ng trabaho ng mga magulang o tagapag-alaga, o pagkabangkarote ng negosyo, at ang inaasahang kabuuang halaga ng income-based Prefectural Resident Tax at halaga ng income-based Municipal Resident Tax ng lahat ng magulang o tagapag-alaga ay katumbas ng sa sambahayang may mas mababa sa 182,500 yen.
*Kung hindi makakuha ng Tax Certificate o iba pang katulad na dokumento dahil sa kung anumang dahilan, o hindi makumpirma ang halaga ng buwis, hindi kayo sakop ng sistema para sa biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan.
*Ang kategorya ng mga sambahayang may taunang kita na 2.7 milyon hanggang 4.9 milyong yen ay para lamang sa mga kwalipikadong tumanggap ng tulong pinansyal sa pag-aaral sa senior high school, atbp. [bagong sistema] o tulong pinansyal para sa muling pag-aaral [bagong sistema].

4 Mga Madalas Itanong

Q1 Paano malalaman kung ang halaga ng income-based tax ay mas mababa sa 182,500 yen?

A1 Maaari itong tingnan sa Notice ng Halaga ng Buwis para sa Espesyal na Pagkolekta na ibinibigay ng kumpanyang inyong pinagtatrabahuhan, atbp., o sa Notice ng Pagbabayad ng Resident Tax na ipinapadala ng munisipalidad kung saan kayo nakatira. Kung wala kayong mga dokumentong ito, mangyaring magpa-isyu kayo ng (Non) Tax Certificate para sa Fiscal Year 2026 sa city o municipal office ng lugar kung saan kaayo nakatira noong Enero 1, 2026 para makumpirma ito.

Q2 Na-assign ako sa ibang bansa, kaya wala akong tirahan sa Japan.
Dahil tumatanggap ako ng tulong pinansyal, maaari rin ba akong tumanggap ng scholarship grant?

A2 Ang kondisyon para sa scholarship grant ay dapat ang lahat ng mga magulang or tagapag-alagayay may tirahan sa Japan. Kung kayo ay na-assign sa ibang bansa at kung ni isa man sa mga magulang o tagapag-alaga ay walang tirahan sa Japan, hindi kayo sakop ng scholarship grant.
Gayunpman, kung ang isa sa mga magulang o tagapag-alaga ay may tirahan sa Japan noong Hulyo 1, 2026, at napatunayan na ang kabuuang halaga ng income-based Prefecural Resident Tax at income-based Municipal Resident Tax para sa Fiscal Year 2026 ng mga magulang o tagapag-alaga ay mas mababa sa 182,500 yen, kayo ay magiging sakop ng sistema.

Q3 Hindi ko pa naihahain ang aking Final Tax Return. Maaari pa rin ba akong mag-aplay?

A3 Kung hindi kayo naghain ng Final Tax Return, hindi maaaring magsumite ng Resident Tax Certificate o makapagtanong tungkol sa halaga ng buwis gamit ang My Number. Dahil dito, hindi makukumpirma kung ang Resident Tax ay mas mababa sa 182,500 yen, kaya hindi kayo makakapag-aplay. Mangyaring ihain kaagad ang inyong Final Tax Return.
Gayunpaman, kung sa petsang Hulyo 1, 2026, kayo ay tumatanggap ng pampublikong tulong (tulong para sa kabuhayan), hindi na kinakailangan ng Final Tax Return, atbp., kaya mangyaring magsumite ng Sertipiko ng Pagtanggap ng Tulong para sa Kabuhayan, atbp.

Q4 Lumipat ako ng ibang paaralan (nag-drop out sa paaralan) pagkatapos ng Hulyo 1. Makakapag-aplay pa ba ako? Kung makakapag-aplay pa rin ako, maaari ko bang isumite ang aplikasyon sa paaralang lilipatan ko?

A4 Maaari kayong mag-aplay. Mangyaring magsumite sa pinasukang paaralan noong Hulyo 1.

Q5 Anu-anong dokumento ang maaaring gamitin bilang patunay ng dahilan ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan?

A5 Separation Notice, Employment Insurance Eligibility Certificate, Notice of Dismissal, Notice of Bankruptcy Declaration, Notification of Business Closure, atbp.
Kung mahirap isumite ang mga nabanggit na dokumento, mangyaring magsumite ng mga dokumentong makakapagpatunay ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan, tulad ng impormasyon ng pagsasara ng negosyo at shift schedule na nagpakita na lubos na bumaba ang bilang ng araw ng trabaho.







別紙1

5 Paraan ng Aplikasyon

Lahat ng aplikante

Para sa aplikasyon, kinakailangan ang parehong online na aplikasyon at pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento.

Online Application System

User manual

Mangyaring sumangguni sa "4 User Manual at Video."

1 Aplikasyon para sa pagtanggap ng benepisyo gamit ang Tokyo Metropolitan High School Online Application Acceptance System

①Para sa mga unang beses na gagamit ng online application system, gamitin ang "Abiso ng Impormasyon para sa Pagsisimula ng Paggamit ng Sistema" na ipinamahagi ng paaralan upang gumawa ng Login ID at irehistro ang impormasyon ng estudyante. (Kung nakapagrehistro na, mag-log in gamit ang Login ID at password.)

②Isagawa ang aplikasyon para sa pagtanggap ng benepisyo gamit ang online application system. (URL ng online application system) https://schfeentry.kyoiku.metro.tokyo.lg.jp

2 Request Form para sa Pagdeposito ng Benepisyo sa Bank Account (☆) ＋Kopya ng passbook

(Pahina kung saan maaaring makumpirma ang financial institution code, branch code, account number, pangalan ng may-ari ng account, atbp.)

Kapag nairehistro na ang Login ID, hindi na ito maaaring baguhin. Mangyaring huwag itong kalimutan.
Bukod dito, magpapadala ng verification code sa inirehistrong email address tuwing mag-lologin, kaya mangyaring gumamit ng email address na hindi ninyo balak palitan.

Para sa mga sambahayang tumatanggap ng pampublikong tulong (tulong para sa kabuhayan)

3 Sertipiko ng Pagtanggap ng Tulong para sa Kabuhayan (☆)

- Kung may nakasulat na "Tumatanggap ng tulong para sa kabuhayan" (生業扶助受給), atbp., maaari ring magsumite ng Sertipiko ng Pagtanggap ng Tulong para sa Kabuhayan na inisyu ng welfare office.
- Suriin na ang "petsa ng pagsisimula ng pagtanggap ng benepisyo" ng mga magulang o tagapag-alaga ay "Hulyo 1, 2026 o mas maaga, at ang petsa ng pag-isyu ng sertipiko ay mula "Hulyo 1, 2026".

Para sa mga sambahayang may taunang kita na mas mababa sa 4.9 milyong yen at biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal

	Mga sambahayang may taunang kita na 4.9 milyong yen	Mga sambahayang may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal
3	**My Number Collection Sheet** **(Ipinamamahagi lamang ng Management and Planning Office ng Tokyo Metropolitan school)** *Kung naisumite na ang My Number Collection Sheet, hindi na kinakailangan isumite muli. *Kung hindi makumpirma ang impormasyon sa buwis dahil sa spouse deduction, atbp., maaaring hilingin sa inyo na magsumite ng hiwalay na Tax Certificate, atbp.	**Mga dokumentong nagpapatunay ng dahilan ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan** Separation Notice, Employment Insurance Eligibility Certificate, Notice of Dismissal, Notice of Bankruptcy Declaration, Notification of Business Closure, atbp.
		Mga dokumentong nagpapatunay ng kita bago ang biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan **Alinman sa mga sumusunod para sa lahat ng mga magulang o tagapag-alaga** ●Resident Tax Certificate para sa Fiscal Year 2026 ●Notice ng Halaga ng Buwis para sa Espesyal na Pagkolekta para sa Fiscal Year 2026 ●Notice ng Pagbabayad ng Resident Tax para sa Fiscal Year 2026
		Mga dokumentong nagpapatunay ng kita pagkatapos ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal ng sambahayan (Para sa lahat ng mga magulang o tagapag-alaga) Mga dokumento ng inaasahang sahod na inihanda ng kumpanya, pinakabagong payslip (tatlong buwan), mga dokumentong nagpapatunay na ginawa ng tax accountant o ng certified public accountant, atbp.
		Mga dokumentong nagpapatunay ng edad at bilang ng mga dependent Resident Tax Certificate na nakasulat ang mga dependent, atbp., Affidavit of Support (☆)
4	**Kopya ng Resident Record o Certificate of Entries Recorded in Resident Record (☆) (Hindi puwede ang photocopy)** Tiyakin na ang "petsa kung kailan naging residente" na kaugnay sa mga magulang o tagapag-alaga ay "Hulyo 1, 2026" o mas maaga, at ang petsa ng pag-isyu ng sertipiko ay mula "Hulyo 1, 2026".	
5	**Tungkol sa pagsang-ayon kaugnay sa aplikasyon para sa scholarship grant para sa pag-aaral sa Tokyo metropolitan national at public senior high school, atbp.** (Ipinamamahagi lamang ng Management and Planning Office ng Tokyo Metropolitan school) *Kung hindi kayo sumasang-ayon sa paggamit ng impormasyon kaugnay sa Application Form para sa Pag-apruba ng Tulong Pinansyal sa Pag-aaral Senior High School, atbp., o hindi matukoy ang resulta sa pagtukoy ng nasyonalidad sa pagsusuri para sa tulong pinansyal, para sa gawaing pag-apruba para sa scholarship grant, maaaring hilingin sa inyo na magsumite ng Resident Record na nakasulat ang nasyonalidad ng mismong estudyante.	
6	(Kung walang legal guardian ang mismong estudyante, at ang nagbibigay ng suporta sa kabuhayan ng estudyante ay mula sa kita ng ibang tao) **Affidavit of Support (☆)**	

*Kung ang nasyonalidad ng mismong estudyante ay hindi "Japanese" at siya ay may katayuan ng paninirahan na "Dependent," mangyaring magsumite ng kopya ng Diploma ng pagtatapos sa elementary o junior high school, o Graduation Certificate.

*Ang mga dokumentong may markang ☆ ay maaaring makuha sa Management and Planning Office ng papasukang Metropolitan School o sa website ng Tokyo Metropolitan Board of Education simula Hulyo 2026.

別紙1

6 Mga Dapat Tandaan sa Aplikasyon

(1) Hindi na maibabalik ang mga dokumentong naisumite, kaya kung kinakailangan ninyong itago ang orihinal na kopya, mangyaring magsumite ng kopya (photocopy) nito. Kung magsusumite kayo ng kopya, mangyaring siguraduhin na malinaw ang teksto tulad ng pangalan sa kopya.

(2) Kung ang legal guardian o tagapagbantay ng menor de edad ay kabilang sa alinman sa mga sumusunod na apat na kategorya, hindi isasama ang kanilang kita sa pagsusuri.

Hindi na kinakailangang magsumite ng mga dokumentong nagpapatunay ng kita ng taong iyon, kaya batay sa proseso, ituturing na walang legal guardian o tagapagbantay ng menor de edad ang estudyante, at magsumite ng mga kinakailangang dokumento.

① Pinuno ng Child Guidance Center na pansamantalang legal guardian
② Pinuno ng Child Welfare Institution
③ Korporasyon na tagapagbantay ng menor de edad
④ Tagapagbantay ng menor de edad na awtorisado lamang gamitin ang awtoridad kaugnay sa ari-arian

■ Tungkol sa pangangasiwa ng isinumiteng personal na impormasyon

Ang personal na impormasyon ng mga estudyante at magulang o tagapag-alaga na kokolektahin ng Tokyo Metropolitan Board of Education sa sistemang ito ay wastong pamamahalaan alinsunod sa mga batas at regulasyon. Gayundin, kung ipagkakatiwala sa ibang business operator ang gawain kaugnay sa scholarship grant, isasagawa ang kinakailangan at wastong pangangasiwa sa ipinagkatiwalaan.

Ang mga dokumentong inyong isinumite para sa pagpapatunay ng inyong kita ay maaaring gamitin sa iba pang programang tulong para sa pag-aaral (tulong pinansyal sa pag-aaral sa senior high school, atbp., bagong tulong pinansyal sa pag-aaral para sa mga senior high school student, atbp., grant-type scholarship para sa metropolitan school, at tulong pinansyal para sa muling pag-aaral sa metropolitan school).

7 Deadline at Tanggapan ng Pagsusumite, atbp.

Mangyaring tandaan na naiiba ang deadline at tanggapan ng pagsusumite depende sa tirahan ng mga magulang o tagapag-alaga at paaralan na papasukan ng mismong estudyante.

Tirahan ng mga magulang o tagapag-alaga sa petsang Hulyo 1, 2026	Paaralan na papasukan ng estudyante sa petsang Hulyo 1, 2026	Tanggapan ng pagsusumite	Deadline ng pagsusumite *Mangyaring magsumite nang maaga bilang paghahanda kung sakaling may mga kulang sa mga dokumento.
Tokyo Metropolitan Government	Tokyo Metropolitan High School Tokyo Metropolitan Secondary School (upper course)	Sa petsang Hulyo 1, 2026 Tokyo Metropolitan high school na papasukan ng estudyante	**Setyembre 15, 2026 Martes**
	National o public high school maliban sa Tokyo Metropolitan, atbp.	Tokyo Metropolitan Board of Education Tokyo Metropolitan School Education Division High School Education Section	
	Pribadong high school sa loob o labas ng Tokyo	Mangyaring makipag-ugnayan sa Tokyo Metropolitan Private School Tuition Support Center ☎ 03(5206)7925	
Mga prefecture sa labas ng Tokyo		Mangyaring makipag-ugnayan sa Board of Education kung saan kayo nakatira sa petsang Hulyo 1, 2026.	

8 Para sa mga Katanungan

Sambahayan kung saan ang mismong estudyante ay naka-enroll sa Tokyo Metropolitan High School o Tokyo Metropolitan Secondary School

Sambahayan kung saan ang mismong estudyante ay naka-enroll sa national o public high school na hindi Tokyo Metropolitan High School.

Management and Planning Office ng high school kung saan naka-enroll ang mismong estudyante

〒163-8001
Tokyo Metropolitan Government No.1 Building 15F
2-8-1 Nishi Shinjuku, Shinjuku City, Tokyo
Tokyo Metropolitan Board of Education, Tokyo Metropolitan School Education Division, High School Education Section, Accounting In-charge
☎ 03(5320)7862 (Weekdays 9:00 am hanggang 5:45 pm)

東京都教育委員会